Pyrazinamide (PZA)
Tagalog

Gabay ng pasyente sa pag-inom
ng gamot sa TB

Ano ang Pyrazinamide?

Ang Pyrazinamide (PZA) ay isang antibiotiko na panlunas sa tuberculosis (TB). Ginagamit ito sa dalawang paraan:
1. Panggamot sa impeksyon ng TB.
2. Panlunas sa sakit na TB kung kasabay ng iba pang gamot sa TB.

Ang mga mikrobyo ng TB ay mabagsik at mahirap puksain. Kakailanganin ninyong inumin ang gamot na ito nang dalawa o higit pang buwan upang puksain lahat ang mikrobyong TB. Ang inyong doktor ang magpapasiya kung ilang buwan ninyong iinumin ang gamot.

Paano kong iinumin ang gamot na ito?

- Mahalagang inumin ninyo ang gamot araw-araw o ayon sa payo ng inyong doktor
- Sabihin agad sa inyong doktor kung natigil kayo sa pag-inom nito
- Kung minsan at nakaligtaan ninyong uminom sa takdang oras, ipagpatuloy ulit ang pag-inom, subalit huwag dodoblehin sa takdang pag-inom.
- Subukang inumin ang gamot nang walang laman ang tiyan. Kung makasira ito ng inyong tiyan, isabay sa pagkain
- Alalahaning sabihin sa inyong doktor ang iba pang gamot na inyong iniinom o kung may bago kayong gamot na iinumin
- Kung buntis o nagpapasuso ng sanggol, humingi ng payo sa inyong doktor bago uminom ng gamot na ito.
- Itabi ang PZA sa isang malamig at tuyong lugar.

HUWAG IINOM ng anumang inuming may alkohol habang umiinom ng gamot na ito. Maaaring makasira ito sa inyong atay.

Karamihan ng mga tao ay umiinom nitong gamot sa unang dalawang buwan lamang. Maaring inumin lang ito nang isa, dalawa o tatlong beses bawat araw, ayon sa hatol ng inyong doktor.

Anong masamang bisa (side effect) ang dapat kong subaybayan?

- Ang karamihan ay walang suliranin habang umiinom ng PZA
- Habang kayo'y umiinom ng PZA, kailangan kayong subaybayang mabuti ng inyong doktor
- Ang pangkaraniwang mga masamang bisa nito ay:
  - Sirang tiyan
  - Pamamaga at pananakit ng mga buto
  - Singaw sa balat na karaniwa'y mapula at makati
  - Mas maselan sa araw
- Kung magkaroon kayong mas maselan na mga "side effect", ihinto ang pag-inom ng gamot at tawagan kaagad ang inyong doktor
  - Pagkahapo / sobrang pagkapagod
  - Pagkahilo / pagsusuka
  - Pamumulikat sa tiyan / sakit sa tiyan
  - Kawalan ng ganang kumain
  - Paninilaw ng balat o puti ng mga mata
  - Matingkad na pagkadilaw ng ihi
  - Lagnat ng tatlong araw o mahigit pa

Mga payo sa pag-inom ng gamot para sa TB

- Inumin ang inyong gamot sa tamang oras araw-araw, halimbawa:
  - Bago matulog sa gabi
  - Pagkagising sa umaga
- Gumamit ng lalagyan ng pildoras na may bilang para sa isang linggo
- Takdaan ang bawat araw nang pag-inom ninyo ng gamot sa kalendaryo
- Kausapin ang isang kamag-anak o kaibigan na paalalahanan kayo
- Subukan din ang Panggagamot na Malapitang Pagsubaybay (Directly Observed Therapy-DOT)

Kung mayroon kayong mga tanong at pag-aalala tungkol sa inyong mga gamot o tungkol sa TB, tawagan ang inyong doktor o ang Toronto Public Health sa 416-338-7600
E-mail: targettb@toronto.ca
Web site: www.toronto.ca/health/tb_prevention

TORONTO Public Health

September 2011
PH1109SS212Ptagalog